


Pantay-pantay na Paglago sa Long Beach Daan Tungo sa Kasaganahan

Karamihan sa mga umuupa sa Long Beach ay nakararanas ng kawalan ng kapanatagan sa pabahay.

Bahagi ng mga umuupang nagbabayad ng higit sa 30% ng kita sa pabahay ayon sa lahi, 2016




Ang mga Itim at Latinx na umuupa sa Long Beach ay malamang na nagpapasan ng halaga ng pabahay kung saan tinatayang anim sa 10 ang nagbabayad nang higit sa 30% ng kanilang kita sa pabahay.

Ang ekonomiya ng Long Beach ay magiging mas matatag kung may pagkakapantay-pantay.

Pito sa 10 residente ng Long Beach ay mga taong hindi puti ang kulay ng balat. Ngunit ang patuloy na di pagkakapantay-pantay ayon sa lahi, kasarian, at heograpiya ay nagbabanta sa kasiglahan ng ekonomiya ng lungsod. Ang pagyakap sa tumataas na pagkakaiba bilang asset at pagsulong sa pagkakapantay-pantay—ang makatuwiran at pantay na pagsama sa isang lipunan kung saan lahat ay maaaring lumahok, umunlad, at maabot ang kanilang buong potensyal—ay ang daan ng lungsod tungo sa isang masaganang hinaharap.


Kailangang bawasan ng Long Beach ang patuloy na kahirapan upang umunlad.

Bahagi ng mga nagtatrabahong adult na may edad 25-64 na nagtatrabaho nang full-time at namumuhay na mababa sa 200% ng antas ng kahirapan ayon sa lahi at kasarian, 2016



Higit sa isang-kapat ng nagtatrabahong lalaking Latinx na nagtatrabaho nang full-time ang hindi kumikita nang sapat upang masuportahan ang kanilang mga pamilya.

Ang tinatayang pagtaas ng GDP ng Los Angeles Metro (sa bilyon) kung mawawala ang mga agwat sa kita ayon sa lahi



Ang pagkakapantay-pantay ay ang paraan sa pagsulong.

Ipinakita ng kamakailang mga pagsisikap na ang mga lokal na lider ay nakatuon sa pagkakapantay-pantay. Kabilang sa mga pagsisikap na ito ang pagbuo ng Office of Equity at sa inisyatiba para sa economic inclusion na Everyone In.

Mga karagdagang estratehiya:

1) Buwagin ang mga hadlang na naghihiwalay sa lahi at tiyakin ang pantay-pantay na pag-unlad. Isulong ang pagkakapantay-pantay sa mga residente sa pamamagitan ng: (a) pagbigay ng prayoridad sa mga pangangailangan ng may mababang kitang mga komunidad ng hindi puti ang kulay ng balat at pagpaparami ng pagkakaiba-iba ng mga itinalagang opisyal ng lungsod; (b) pagpapalawak ng mga proteksyon sa umuupa (hal. makatuwirang dahilan para sa pagpapaalis, pagpapatatag ng upa, mga proteksyon laban sa pagpapaalis); at (c) pagtiyak sa malulusog na komunidad sa sa pamamagitan ng pagtatakda ng limitasyon sa pagpapalawak ng Interstate 710 at paglalagay ng isang zero-emissions freight corridor.

2) Magpalago ng magagandang trabaho sa pamamagitan ng: (a) pagsuporta sa mga negosyong pag-aari ng mga taong hindi puti ang kulay ng balat at kababaihan sa pamamagitan ng pantay na pagkontrata at suporta sa negosyo; (b) pagpapatibay sa kasunduan sa paggawa sa proyekto ng lungsod upang palawakin ang pagkuha sa mga trabahador na humaharap sa mga hadlang sa pagkakaroon ng trabaho; at (c) pagsigurado sa mga sahod upang mabuhay para sa lahat ng empleyado.

3) Ihanda ang mga trabahador para sa mga trabaho sa hinaharap sa pamamagitan ng: (a) Pagdagdag ng suporta sa [edukasyon para sa mga bata](#); (b) paghahanda sa mga kabataan at adult na walang trabaho para sa mga trabaho sa gobyerno bilang karamihan sa mga trabahador doon ay nagreretiro; at (c) pagtitiyak na lahat ng mag-aaral ay may daan tungo sa mas mataas na edukasyon at/o mga trade school.

Basahin ang profile ng pagkakapantay-pantay:

www.nationalequityatlas.org/reports/equity-profiles

Para sa higit pang impormasyon, makipag-ugnayan kay Jamila Henderson: jamila@policylink.org

©2019 PolicyLink. Lahat ng mga karapatan ay nakalaan.